Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
-108-

KAUTUSANG BAYAN BLG. XLIX-'88
(Sa mungkahi ni Pangalawang Punumbayan Dictado
na pinangalawahan ni Kag. Perez)

ANG KAUTUSANG BAYAN
na nagtitibay ng karagdagang paglalaan ng halagang TATLONG LIBO PITONG DAAN DALAWAMPU'T LIMANG PISO (₱ 3,725.00) para mapunan ang pangangailangang halagang SIYAM NA LIBO DALAWANG DAAN DALAWAMPU'T LIMANG PISO (₱9,225.00) na pinagtibay sa pamamagitan ng Kautusang Bayan Blg. XLVI-'88 para iukol sa pagbili ng laman ng 5 silindro ng fire extinguisher ng pamahalaang bayan.

Ang palaan ay magmumula sa anumang aytem na maaaring iliwat.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

Sa puntong ito ay tinalakay ng kapulu ngan ang kahilingan ni Gng. Dolores Tatlonghari na mapalipat-gamit ang kanyang nabiling lupain mula sa gamit-industriyal ay maging gamit-agro-industriyal na siyang kinakailangang para ang kanyang pag-utang sa Land Bank ay mapagtibay. Napag-alaman din ng kapulungan na si Gng. Tatlonghari ay nagsulit sa nabanggit na Bangko ng panukalang hanapbuhay na pagmamanukan.

Matapos pa ang pagpapaliwanagan at pagpapalitan ng kuru-kuro ay pinagpasiyahan ng kapulungan na bago pagtibayin ang kahilingan ni Gng. Tatlonghari ay magsulit siya ng isang katibayan o kapasiyahan na di pagtutol sa paglalagay niya ng manukan sa nabanggit na lupain sa Barangay Macabling mula sa Samahan ng mga naninirahan sa Ormon Village na karatig ng nabanggit na lupain.

May kinalaman naman sa maayos na pagpapatupad ng daloy ng trapiko, ay iminungkahi ni Kag. Gironella na hilingin kay Inhinyero Lauro T. Reyes na alamin ang magiging gastusin kung saka-sakaling magpapagawa ang pamahalaan ng isang lilim na hintayan ng sasakyan (waiting shed) sapagka't hindi matigilan ng mga pasahero ang lugal ng hintayan sa kanto ng Rizal Blvd. lalo na kung umuulan. Ang mungkahi ay sinang-ayuanan ng kapulungan.

Ipinaabot naman ni Kag. Perez ang isang memorandum ng Pambayang Ingat-Yaman para sa Katulong na Ingat-Yaman na tumutungkol sa mga bagay-bagay na nararapat niyang tupdin may kinalaman sa kanyang tungkulin. Isa sa tinalakay ng memorandum ayon sa pagkakabasa ng kalihim ay ang

ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punumbayan

EMILIO M. TIONGCO
Kagawad

ADELO T. PEREZ
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

ANTONIO G. DUNGAO
Kagawad

ERIC T. PUZON
Kagawad

AVELINA R. GIRONELLA
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad